# The City Gazette

OFFICIAL ORGAN OF THE CITY GOVERNMENT


## CITY ORDINANCES

ORDINANCE No. 49

### PROVIDING FOR THE ESTABLISHMENT OF A CITY MENDICANTS' HOME AND THE CONFINEMENT THEREIN OF MENDICANTS IN THE CITY OF MANILA.

BY virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

SECTION 1. Any person who obtains his livelihoood by asking alms shall be deemed a mendicant for the purposes of this Ordinance. The term shall include mendicants who station themselves on streets, sidewalks or other public places and beg alms from passers-by, and those who roam from place to place or from house to house, soliciting and receiving alms without rendering service in return.

SEC. 2. There shall be established a City Mendicants' Home where mendicants in the City of Manila shall be confined and maintained at the expense of the City Government and trained in some gainful occupation or activity to which their physical capacity may fit them.

SEC. 3. No mendicant admitted into the Home shall be discharged therefore, unless he has means of supporting himself or relatives willing to take charge of his support, or unless it becomes necessary to remove him to another public institution for treatment or proper reformation.

SEC. 4. There is hereby appropriated out of any funds existing in the Treasury of the City of Manila not otherwise appropriated the sum of Twenty-nine thousand five hundred fifty pesos (₱29,550.00) in order to carry out the purposes of this Ordinance.

Donations which may be received for the maintenance of the City Mendicants' Home and all proceeds from the industry of the inmates thereof, shall be constituted into a special fund to be made available for said purpose.

SEC. 5. This Ordinance shall take effect on July 2, 1943.

Done in the City of Manila, this 26th day of May, 1943.

(Sgd.) LEON G. GUINTO
*Mayor*

KAUTUSÁNG BLG. 49

### NA NAGTATADHANÀ NG PAGBUBUKÁS NG ISÁNG TÁHANAN NG MGA PULUBI SA SIYUDAD AT NG PAGPAPATIRÁ DIYÁN SA MGA PULUBI SA SIYUDAD NG MAYNILÀ.

SA bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at matapos makasanggunì sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-úutos na:

TUNTUNING 1. Sino mang taong kumikita ng kaniyáng ikinabubuhay sa pamamagitan ng panghingî ng limós, ay ipalalagáy na isáng pulubi sa layon ng Kautusáng itó. Sa katagáng itó ay kabilang ang mga pulubing lumalagáy sa mga lansangan, bangketa o ibáng hayág na poók at nanghihingî ng limós sa mga nagdaraán, at ang mga nagpapagala-galà sa ibá't ibáng pook o lumálapit sa bahay-baháy, at humihingî at tumatanggap ng limós nang walâ namáng kapalít na paglilingkod sa tinatanggapan.

TUNT. IKÁ-2. Magbubukás ng isáng Tahanan ng mga Pulubi ng Siyudad, at dito patítirahín at pakakanin ang mga pulubi sa Siyudad ng Maynilà sa gugol ng pamahalaan ng Siyudad, tulóy sásanayin para sa iláng mapapakinabangang gawain o hanapbuhay na nababagay sa kaya ng pangangatawán ng isá't isá.

TUNT. IKÁ-3. Waláng pulubing natanggáp sa Tahanang itó na paáalisín, matangì na lamang kung may ikabubuhay sa kaniyáng sarili o may mga kamag-anak na nátatalagáng kumalingà sa kaniyá, o kaya'y kinakailangang ilipat siyá sa ibáng bahay-ampunan upáng gamutín o magawâ ang nauukol na pagbabago.

TUNT. IKÁ-4. Sa pamamagitan nitó ay inilálaán, buhat sa alin mang salaping nasa-Ingatangyaman ng Siyudad ng Maynilà na hindî pa náilalaán sa ibá, ang halagáng dalawampú't siyam na libo limandaa't limampúng piso (₱29,550) upáng mágugol sa mga layunín ng Kautusáng itó.

Ang mga abuloy na maáaring matanggap upáng maisama sa gugulín ng Tahanan ng mga Pulubi ng Siyudad at ang lahát ng malikom sa mga ginawâ ng mga ináampón diyán, ay ipalálagáy na isáng tanging halagáng magagamit din sa nangasabing layunín.

TUNT. IKÁ-5. Ang Kautusáng itó ay magkakabisà sa ika 2 ng Hulyo, 1943.

Inilagdâ sa Siyudad ng Maynilà, ngayóng iká-26 na araw ng Mayo, 1943.

(May lagdâ) LEÓN G. GUINTO
*Alkalde*